Nobyembre 2010 NOT FOR SALE

# VALENZUELA Ngayon

Taon 6 Blg 1 Valenzuela, may DISIPLINA!

## Dalaw ni Dok kay Lolo at Lola program

# "Tuloy po kayo, Dok"



**Kung hirap at hindi na kayang makapunta sa klinika ni dok, si dok na mismo ang bibiyahe at dadalaw upang masuri ang kalusugan nina lolo at lola.**

**Saan man sa Valenzuela, hatid nila ay pag-asa at pagkali-nga.**

*Sabayan si dok sa pahina 4.*



Sakay ng isang bangkang de-sagwan, tinungo ni Dr. Sarah Nufable ng City Health Department ang kanyang pasyente para sa isang libreng serbisyo medikal.

## 6 years na po!



*Mga giliw na mambabasa,*

Mas lalong paiigtingin ng *Valenzuela Ngayon* ang paghahatid sa inyo ng serbisyo-publikong pamamahayag. Samahan ninyo kami para sa mas makabuluhang pagtalakay sa mga balita at isyung napapanahon sa ating lipunan.

Makibahagi sa aming mga bagong pitak para lamang sa inyo gaya ng Ang Taumbayan, Liham sa Kinauukulan, at Pag-usapan Natin. Makipag-ugnayan sa aming telepono at e-mail na nasa pahina 6.

Inaasahan namin na sa inyong partisipasyon, ang pahayagang pampamayanan ng Valenzuela ay makatutulong pa para mapaunlad ang ating mahal na lungsod.

*-Patnugutan*

## Kasal o sakal?




*"Nararapat na pumasok sa pag-aasawa sa tamang dahilan at may sapat nang kahandaan."*

## Iwas-dengue sa 4 na paraang simple




## Zarzuela ni Rizal at rock pinagsama ng VCCPA



VALENZUELA Ngayon



# Mayor Win hinalal bilang bise ng LCP para sa NCR



Sa kauna-unahang pagkakataon bilang pangulo, nakadaupang palad ni Presidente Aquino si Valenzuela City Mayor WIN Gatchalian.

Nanumpa kay Pangulong Benigno Simeon Aquino III sa Malakanyang si Mayor Win Gatchalian matapos siyang mahalal bilang bagong bise presidente ng League of Cities of the Philippines (LCP) para sa National Capital Region.

Kasabay rin niyang nanumpa ang iba pang mga bagong luklok na opisyal ng naturang organisasyon noong Hulyo 19 sa Heroes Hall ng Palasyo. Matatandaang naunang nanawagan si Pangulong Aquino sa mga miyembro ng LCP na magkaisa upang muling maibalik ang tiwala ng taumbayan sa gobyerno.

Kinatigan ito ni Gatchalian at nangakong isusulong ang hangarin ng samahan na "magkaroon ng malakas, matibay, may pagbubuklod na kapatiran na may layuning makapagbigay serbisyo sa mga mamamayan nang may dignidad at pananagutan sa progreso at pag-unlad."

Si Gatchalian ay iniluklok ng mga kapwa alkalde para magsilbing bise-presidente ng LCP-NCR nang ganapin ang 57th General Assembly nito sa Lungsod ng Maynila.

Sinaksihan ito ng kalihim ng Department of Interior and Local Government (DILG), Jesse Robredo na dating alkalde ng Naga City at nagsilbi ring presidente ng liga noong 1995.

Pinalitan ni Gatchalian ang dating alkalde ng Marikina City na si Marides Fernando na kamakailan lamang ay nagtapos ng kanyang tatlong taong sunod na termino.

Ang LCP ay isang organisasyon na itinatag para sa layuning makilala at maprotektahan ang interes ng may 122 lungsod na kasapi nito.

## Northville, hawak na ng Valenzuela

Pormal nang inilipat sa pamamahala ng lungsod ang dalawang malaking proyektong pabahay na pinangunahan ng National Housing Authority (NHA) sa Valenzuela.

Ito ay matapos pirmahan ni Mayor Win Gatchalian ang Deed of Donation and Acceptance (DODA) na magbibigay responsibilidad sa lungsod para linangin ang mga common areas ng Northville 1 at 2 sa Brgy. Bignay na kinabibilangan ng mga basketball court, kalsada, eskinita, day care at livelihood centers.

Ayon kay Engr. Victor Balba, Officer-in-Charge ng NHA-NCR, ang paglilipat-responsibilidad sa lokal na pamahalaan ay isang hakbang para higit na mapabilis at mapadali ang pag-develop ng naturang resettlement sites. Ang NHA ay isang ahensya para sa mga proyektong pabahay sa ilalim ng Office of the President.

Ikinatuwa naman ng mga residente ang nasaksihang pagtanggap noong Hunyo 26 nina Adelo Flores at Julian Mar de Asis, pinuno ng Northville 1 at 2 homeowners, ng kopya ng DODA. Kailangan ang naturang dokumento para makapag-apply ang mga residente ng linya ng tubig mula sa Maynilad Water na magbibigay naman ng mas malinis na tubig.

Sa kasalukuyan, ipinagkakasya lamang ng may kabuuang 2,373 pamilya sa overhead tank at poso ang kanilang mga pangangailangan.

Dagdag pa rito, hinamon naman ni Mayor Gatchalian ang mga residente na maging katuwang sa pagsasaayos at pagmimintine ng kanilang pamayanan.

"Pagsikapan nating gawing modelo ang Northville 1 at 2 sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malasakit sa ating kapaligiran," himok ng alkalde.

Ang Northville 1 at 2 ay isang proyektong abot-kayang pabahay ng NHA, sa pakikipagtulungan ng lokal na pamahalaan para sa mga apektadong informal settlers ng ginagawang Northrail Project.

## 3 tulay ng Valenzuela, muling dumugtong sa Caloocan

Matapos sirain ng baha dulot ng Bagyong Ondoy noong nakaraang taon ang tatlong tulay sa Tullahan River, kaagad naman itong naipatayo muli ng lokal na pamahalaan at ngayo'y napakikinabangan na ng publiko.


Ginugulan ng may P4.7 milyon galing sa sarling pondo ng lungsod ang tatlong mas matibay na mga tulay na naging daan upang mapadali ang pagbiyahe ng mga residente ng La Mesa ng Barangay Ugong, Valenzuela City at Brgy. Talipapa ng Caloocan City.

Ayon kay Engr. Rain Fronda ng City Engineer's Office, naunang pinasinayaan ang GSIS bridge na nagkakahalaga ng P1.7 milyon. Bukas aniya sa mga motorista at pedestrian ang kongkretong istruktura na may taas na limang metro mula sa ilog.

Sinigurong mas matibay ito at kaagad itong pinatapos sa loob ng kulang sa tatlong buwan para hindi mapatagal ang perwsyong dulot ng pagkasira ng orihinal na tulay.


Sumunod naman ang La Mesa hanging bridge na may habang 64 metro at may lapad na 1.2 metro. Gamit ang cable wires at steel plates para sa flooring, bukas lamang ito para daanan ng tao at magagaang sasakyan gaya ng mga motorsiklo. "Sa tibay nito, kaya ang 80 katao ng sabay-sabay," saad ng project engineer.

Halos kasing haba din nito ang kalapit na Kawayan hanging bridge na pinasinayaan kamakailan.



Ang bagong kawayan bridge na dumudugtong sa Brgy. Ugong, Valenzuela City at Brgy. Talipapa, Caloocan City

## Naka-goal sa HK




CONTRIBUTED PHOTO

Kabilang ang isang batang Valenzuelano sa koponang nakipagtagisan ng galing sa larong soccer noong Agosto 1 sa Hong Kong.

Si Amos Magsumbol, 6, ng Brgy. Lingunan, ay kasapi ng RP-Ateneo de Manila University Grade School Varsity na nagwagi ng ikatlong pwesto sa 2010 Happy Valley Asia Youth Soccer Festival kalaban ang mga koponan na mas nakatatanda at mas matatangkad pa na mga manlalaro mula sa Japan, Thailand at host country na Hong Kong.

Ang kanilang galing at hilig sa isport ay umani ng paghanga mula sa ibang manlalaro. Si Magsumbol ay anak ni Gawad Pio Valenzuela awardee, Tonio Magsumbol, executive producer ng programang 24 Oras.

Ayon sa ama ng batang atleta, magandang exposure ang naturang laro sapagkat iilan lamang sa bansa ang paaralang may kumprehensibong programa para sa soccer na siyang numero unong isport sa mundo.

-Ann Melanie Dolorito

## Diskwento para sa mga PWD, isinulong

Nakipagtulungan ang City Social and Welfare Development Office (CSWDO) sa pribadong sektor upang higit na masi-gurong naipatutupad sa lungsod ang Republic Act 9442, ang batas na nagbibigay ng ilang pribilehiyo sa Persons With Disability (PWD).

Isang sticker information campaign ang isinagawa sa SM Valenzuela Supercenter kasabay ng pagdiriwang ng National Disability Prevention and Rehabilitation Week sa buong bansa noong Hunyo 23.

Layon ng pagpapaskil ng sticker na lalong paigtingin ang pagkilala sa mga karapatan ng mga PWD. Sa hakbanging ito makikilala rin ng publiko ang mga establisyementong nagbibigay ng hindi bababa sa 20% diskwento para sa mga piling bilihin at pangangailangan nila na inuutos ng batas.

Ayon sa nooý Disabled Persons Affairs Committee head Kon. Adrian Dapat, kabilang sa mga nakiisa sa programang ito ang SM Valenzuela Cinemas, SM Valenzuela Foodcourt, at maging ang SM Valenzuela Supercenter branches ng Jollibee, McDonald's, Max's at Watsons.

Nakikipag-ugnayan naman ang Komite at ang lokal na pamahalaang Valenzuela para mapalawak pa ang partisipasyon ng pribadong sector sa programa ng lungsod.

Dagdag pa rito, may 20% diskwento rin ang mga PWD sa pasahe alinsunod sa isa ring ordinansa. Sa pinakahuling datos ni Ken Sabangan, CSWD-PWD Affairs Coordinator, mayroong 1,915 rehistradong Mamamayang May Kapansanan sa buong Valenzuela. Aniya, binibigyan ng ID at purchase booklet ang mga PWD na kailangan sa kanilang mga transaksyon.

Ani Sabangan, may pitong uri ng disability. Saklaw nito ang psycho-social mental illnesses, hearing o pagkabingi, speech o kapansanan sa pagsasalita, visual o kapansanan sa paningin, learning, chronic illnesses at orthopedic o pagkapilay o naputulan ng alinmang bahagi ng katawan.

Hinihikayat ng tanggapan na iparehistro sa kanila ang Mamamayang May Kapansanan upang maging bahagi ng programa na kikilala sa kanilang karapatan.

Makipag-ugnayan sa numero 292-0211 lokal 292 at 271.

# Tulong ng publiko vs. dengue hiniling na ipagpatuloy

Bagaman bumaba ang naitalang kaso ng dengue sa lungsod, nanawagan pa rin ang City Health Department (CHD) para sa patuloy na aktibong partisipasyon ng publiko para sa higit na pagkontrol ng paglaganap ng sakit.

"Ang pagpapanatiling malinis ang paligid at pagpuksa sa pinamamahayan ng mga lamok ang mainam pa rin na panlaban sa paglaganap ng dengue," wika ni Dr. Irvin R. Miranda, Dengue Medical and Field Coordinator ng CHD.

Saad pa niya, "ang patuloy na kampanya ng lungsod kontra dengue buong taon at ang pakiiisa ng mamamayan ng Valenzuela ay dahilan kaya bumaba ang insidente ng dengue sa atin."

Batay sa record, mayroong 224 kaso ng dengue ang napaulat mula sa iba't ibang institusyon sa lungsod mula Enero hanggang unang lingo ng Agosto ng taon. Ito'y higit na bumaba ng 37 percent kumpara sa 357 ng nakaraan ding taon.

Sa pinakahuling tala, apat ang naiulat na namatay mula buwan ng Enero hanggang Hulyo ngayong taon sa apat na magkakaibang barangay. Isa sa mga biktima ay napag-alamang binulutong muna ng dalawang linggo na kinalaunan ay nagkasakit naman ng dengue.

Ang isa pang biktima ay ipinagpalagay na nakuha niya ang sakit mula sa Cagayan Province at may lagnat na nang bumalik dito sa sa lungsod.

Dagdag pa ni Dr. Miranda, "malaki rin ang epekto ng hindi agarang pagpapakonsulta sa doktor kung kinakitaan na ng sintomas ng sakit ang isang tao sa kabila ng pagkakaroon ng mga pasilidad para dito."

"Bukod sa kalinisan at pag-iingat, ang pagiging maagap sa sintomas ng sakit ay malaki rin ang tulong sa pagligtas ng buhay laban sa dengue," diin ni Dr. Miranda.



*Nagpakitang-gilas si Eduardo Andaya, Public Administration sophomore ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) sa Anyo Category, Double Weapon Division sa 4th World Arnis Open Tournament na ginanap sa SM Mall of Asia noong Agosto 1-3. Bagaman kampeon ang PLV Virulent Tigers sa Anyo Event All Categories, sapat lamang ang 11 na gintong medalya, 15 pilak at 26 na tanso para sa pangkalahatang ikatlong pwesto.* -Derick Labuguen/Contributor

# Bagong hepe ng Valenzuela City Police, hinirang



Masayang sinalubong ng Valenzuela City ang bago nitong Chief of Police na si P/SSupt Eric Serafin G. Reyes na humalili sa iniwang pwesto ni P/SSupt Ranier Q. Idio sa ginawang turnover ceremonies noong Hulyo 20 sa Valenzuela City Convention Center.

Ayon sa Special Order 1772 na ipinalabas ni NCRPO Regional Director Roberto Rosales na nilagdaan sa parehas ding araw, itinalaga naman ni P/CSupt George T. Regis, Deputy Regional Director for Operations ng NCRPO, si P/SSupt Reyes na pamunuan ang command unit ng Valenzuela .

Naglingkod si P/SSupt Reyes bilang head commander ng Navotas police bago naging Chief of Regional Operations Division ng NCRPO. Nagtapos siya sa Philippine Military Academy (PMA) na kabilang sa PMA Class of 1985.

Sa kabilang banda, si P/SSupt Idio naman ay nakatalaga bilang Chief of Staff ng Police Security and Protection Group (PSPG). Ipinagkaloob sa kanya ang PNP Medalya ng Kasanayan (Medal of Efficiency) para sa kanyang "natatanging kasanayan at debosyon bilang Chief of Police."

Buo ang tiwala ni P/SSupt Idio na ang lungsod ng Valenzuela ay nasa " mabuti at may kakayahang mga kamay" sa bago nitong Chief of Police base sa magandang track record ni Reyes sa halos 30 taong serbisyo nito bilang pulis.

Gayundin naman ang paniniwala ni Northern Police District Director P/SSupt Edgardo T. Ladao sa bagong Chief of Police ng Valenzuela na nakitaan ng patuloy na pagsusumikap upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan ng lungsod.

Dagdag pa rito, personal na binati ni Mayor Win Gatchalian, pinuno ng Peace and Order Council, ang dalawang opisyal sa kanilang dedikasyon sa serbisyo-publiko.

"Ang moralidad ng ating kapulisan ay hinubog sa pamamagitan ng tamang pagsasanay, pinakamahusay at pinakabagong kagamitan at ng mabuting ugnayan sa pagitan ng pribadong sektor, lokal na pamunuan at ng ating kapulisan na pinamunuan ng ating kaibigan na si P/SSupt Idio na nagbunga ng karangalan at respeto sa ating nasasakupan," wika niya. "Buong suporta rin ang ipamamalas natin sa ating bagong Chief of Police."

Si Chief of Police P/SSupt Reyes ay nakikiisa sa Valenzuela City Police chain of command at iba pang opisina ng gobyerno upang makasiguro sa mabisa at patuloy na paghahatid ng serbisyo.

"Tinitingnan natin ang mga programa na nangangailangan ng ibayong pagpapatupad at gayundin ang mga pulisiya na nangangailangan ng konting pagbabago batay sa pangangailangan ng ating mamamayan, wika niya. " Iyon ang aming responsibilidad."

# Lakas ng araw, ilaw ng paaralan





Nagawang linangin ng Sitero Francisco Memorial National High School (SFMNHS) ang enerhiyang dulot ng araw para pailawin nito ang may siyam na silid-paaralan gamit ang makabagong teknolohiya magmula ng magbukas ang klase nuong Hunyo.

Sa tulong ng 1kW photovoltaic solar array na donasyon mula sa Wanxiang America Corporation, sa pamamagitan ng Foundation for Environmental Education (FEE), ito ang kauna-unahang pagkakataon para sa isang paaralan sa National Capital Region ang maging solar-powered.


Inabot ng apat na taon bago naisakatuparan ang proyekto ni Cesar Villareal, punong-guro ng SFMNHS, katulong ang Science Department Head na si Jameson Tan. Pormal na pinasinayaan ang programa noong Hunyo 1 na dinaluhan ng ilang lokal na opisyal ng lungsod at ng Department of Education.

Sa isang panayam ng *ABS-CBN* News kay Villareal, nasa P36,000 ang konsumo ng kuryente ng paaralan kada buwan. Ngunit sa tulong ng solar energy, inaasahang mangalahati na lamang ito.

Ayon naman kay William Manz, kinatawan ng FEE, ang donasyong anim na solar panels ay nanggaling pa ng Illinois, USA at nagkakahalaga ng higit sa kalahating milyon. Ang mga solar panels na parang mga salamin ay siyang kumukulekta ng enerhiya mula sa araw para gawing kuryente. Ang mga panels ay may kakayahan pa ring makaipon ng enerhiya kahit na maulap at maging sa gabi.

Bunsod nito, naglaan ng P250,000 ang lokal na pamahalaan para sa pag-angkat at pagsasaayos ng mga ito sa paaralan. "Ang pamahalaang lungsod ay su musuporta sa mga ganitong proyekto at kaisa ako sa mga mithiing pangkalikasan ng pamunuuan ng SFMNHS," saad ni Mayor Win Gatchalian. "Nawa'y maging daan rin ito para ang mga gusaling pampamahalaan ay maging solar-powered na rin."

Pinapurihan naman ang proyekto ni Rep. Rex Gatchalian ng Unang Distrito dahil sa malaking tulong ito upang labanan ang isyung climate change. "Ito ay naglalayong ipakita na may mga alternatibong paraan ng paglikha ng enerhiya at maimulat tayo sa isang aktibongpagharap sa isyu ng climate change," wika niya.



UST SINGERS/CONTRIBUTOR

# Tagumpay sa kumpas ng isang Valenzuelano

Tila minani na lamang ng UST Singers, sa pamumuno ni Prof. Fidel Calalang, Jr., ang pinaka prestihiyosong choir competition sa mundo matapos muling mapanalunan ang titulong, "Choir of the World" sa Inglatera noong July 11.

Naunang umani ng pagkilala sa Eisteddfod Gerdorol Ryngwladol Llangollen ang grupo noong 1995. Hindi masidlan naman ang tuwa ni Professor Calalang dahil ito ang unang pagkakataon para sa pinakamatandang kompetisyong pang-koro na dalawang beses maiuwi ang premyo ng isang choir group.

Simula nang itatag ni Professor Calalang ang UST Singers, naging institusyon ang choir group sa buong mundo. Dahil dito, kinilala ng Gawad Pio Valenzuela si Professor Calalang noong 2000 bilang isa sa mga huwarang mamamayan ng lungsod para sa kanyang natatanging kontribusyon sa bansa.

-Ann Melanie Dolorito

1



2



3



4



5



1. Kung tutuusin, tila bitbit na ni dok ang klinika kung saan man naninirahan ang kanyang mga pasyente.

2. Dadalhin ang Dalaw ni Dok Kay Lolo at Lola Program sa 32 barangay ng lungsod para ihatid ang serbisyong medikal sa mga nangangailangang senior citizen.

3. Isang dexterity test ang isinagawa ni Registered Nurse Romel Cruz upang malaman ang lakas ng mga kamay ng pasyenteng si Matias San Gabriel ng Bilog, Brgy. Balangkas.

4. "Kung meron mang home visit sa iba, private doctor na yun," ani Dr. Sarah Nufable. Tanging ang Lungsod ng Valenzuela ang may libreng home visit program para sa mamamayan nito.

5. Matapos ang kanilang serbisyo, hinatid ng isang anak ng pasyente ang mga primary health care provider pabalik sa main road.

6. Nakamasid ang mga kaanak ng isang pasyente habang isinasagawa ang pagsusuri sa loob ng kanilang tahanan.

7. Tuwang-tuwang ipinakita ni G. at Gng. Juan Suarez ng San Diego, Arkong Bato ang mga suplay na ipinagkaloob sa kanila ng Gamot Handog Kay Lolo at Lola Program ng lungsod.

# "Tuloy po kayo, Dok"

Upang matulungang mapabuti ang kondisyon ng mga nakatatanda nating kababayan, binuo ng Valenzuela City ang isang programang magpapadala ng mga doktor upang maghatid ng serbisyo medikal sa kanila mismong mga tahanan.

Sinabi ni City Health Department head, Dr. Jaime Exconde, Jr. na ang programang 'Dalaw ni Dok Kay Lolo at Lola' ay nakatuon sa mga nakatatandang kapus-palad na hindi na kaya pang bumiyahe o tumayo man lamang dulot ng kani-kanilang karamdaman.

Sa atas nito, iikot sa 32 barangay ng lungsod mula Martes hanggang Huwebes kada linggo ang mga primary health care provider. Apat hanggang limang tahanan ang kanilang bibisitahin upang magbigay ng libreng konsulta na karaniwang ginagawa ng mga doktor sa isang klinika.

Ayon sa City Health Officer, may isang pag-aaral sa Great Britain ang inilabas ng prestihiyosong *British Medical Journal* noong 2001 na nagsasabing "ang pagbisita sa mismong tahanan ng isang nakatatandang may karamdaman ay isang epektibong paraan upang maibsan ang kanilang nararamdaman at mapanatili ang kanilang kalusugan."

"Ito mismo ang layunin natin sa ating mga indigent senior citizens," saad pa ng hepe ng kalusugan patungkol sa nag-iisa at kauna-unahang programang pangkalusugan sa bansa.

Upang magamit ng pasyente na may senior citizen's card ang mga benepisyo ng programang Dalaw ni Dok, kinakailangang dumaan muna sila sa ebalwasyon ng kanilang barangay health worker kung saan ang City Health Department ay gagawa naman ng rekomendasyon para sa aplikasyon ng pasyente.

Sa kasalukuyan, mayrong 82 pasyente ang kwalipikado sa programa at ngayo'y dinadalaw na nina Dr. Sara Nufable at Registered Nurse Romel Cruz upang tugunan ang medikal na pangangailangan ng mga ito.




6

Magiliw namang tinanggap ng mga kapamilya ng mga pasyente ang programang tutulong upang mapaginhawa ang kalagayan ng kanilang mga mahal sa buhay. Ang iba'y hindi mapigilang maging emosyunal gaya ni Maria Teresa Añonuevo, 47, anak ng pas-yenteng may high blood pressure na taga-Bilog, Brgy. Balangkas. "Hindi na makalakad ng maayos ang tatay at hirap pa siya tuwing ibababa namin ng bahay at isasakay ng bangka."

Depende sa sitwasyong medikal, maaari ding magbigay agad si Dr. Nufable ng kinakailangang gamot. Nirekomenda din ng doktor na ipasuri pa sa laboratoryo ang pasyente na si Matias San Gabriel ama ni Ginang Añonuevo, kung kaya inihabilin niya ang ambulansya ng barangay.

"Kaya nagpapasalamat kami napuntahan ng doktor ang bahay namin," dagdag pa ng ginang habang nakamasid sa ama na sinusuri ng doktor.

7



-Ulat at mga larawan ni Mark Lester Cayabyab

VALENZUELA Ngayon



# 141st Dr. Pio Valenzuela Birth Anniversary





1. DFA Sec. Alberto Romulo kasama si Mayor Win Gatchalian at Mrs. Rosie Lovely Romulo kausap si Rep. Rex Gatchalian ng Unang Distrito ng Valenzuela City.

2. Si Secretary Romulo sa kanyang talumpati.

## "Isabuhay ang diwa ng kabayanihan ni Dr. Pio Valenzuela" – Sec. Romulo

Dinaluhan ng Department of Foreign Affairs Sec. Alberto Romulo ang naganap na simpleng paggunita sa kagitingan at katapangan ng lokal na bayani na si Dr. Pio Valenzuela sa ika-141 anibersaryo ng kanyang kapanganakan noong Hulyo 11.

Sinabi ng kalihim na ang pagsasakripisyo ng sarili para makapaglingkod sa bayan ang nagsilbing buod ng kadakilaan ni Dr. Valenzuela mula sa kanyang pakikisangkot sa Rebolusyon laban sa mananakop hanggang siya'y maging gobernador ng Bulacan at doctor ng taong-bayan.

Sinusugan pa ito ng opisyal nang sabihin niyang "kung ang ating mga kabataan ay taos-pusong maisasabuhay ang prinsipyo ng ating bayani, palagay ko *we are a much better and happier nation.*"

Kaugnay ng selebrasyon, nagsagawa ng wreath-laying ceremony sa harap ng Triumvirate Monument sa New City Government Complex sa pangunguna ni Mayor Win Gatchalian, kasama sina Rep. Rex Gatchalian ng Unang Distrito, Rep. Magi Gunigundo ng Ikalawang Distrito, ang City Council at mga opisyales ng barangay.

Tinipon din sa seremonya ang mga pamilya at kaanak ng lokal na bayani. Kasama rin maging ang mga lider ng iba't-ibang sektor sa lungsod.

Ang kabiyak ng kalihim at dating senador at budget secretary noong Administrasyong Corazon Aquino ang apo ni Dr. Pio Valenzuela na si Gng. Rosie Lovely T. Romulo, kasalukuyang namamahala ng National Council on Disability Affairs.

-Ulat at mga larawan ni Mark Lester Cayabyab







3. Mula sa kanan, Mrs. Romulo, DFA Secretary Romulo, Mayor Win Gatchalian, Rep. Rex Gatchalian ng Unang Distrito at Rep. Magi Gunigundo ng Ikalawang Distrito.

4. Ang City Council kasama ang mga konsehal (mula kaliwa) Marlon Alejandrino, Lai Nolasco, Cora Cortez, Lorie Natividad-Borja at Tony Espiritu.

5. Ang mga inapo ni Dr. Pio Valenzuela sa harap ng Triumvirate monument na tila isang family reunion na rin para sa kanila.



## Sino ka Dr. Pio Valenzuela?

ni Constancio Chico

*'Kalabing-isang araw ng Hulyo ating ginugunita*
*Kapanganakan ng isang nilalang tunay na dakila*
*Kahanay ng mga bayaning naglingkod sa abang madla*
*Upang ang mahal na Bayan kumawala sa tanikala.*

*MADLANG-AWAY ang binantad niyang panulat na pangalan*
*Kinilala at iginalang sa kilusan KATIPUNAN*
*Walang takot siyang sumapi layunin ay kalayaan*
*Makamit nawa'y ligaya ng sinisintang Inang Bayan.*

*Kabilang sa tinaguriang "Kataastaasang Tatlo"*
*Kasama ang mga tanyag na Bonifacio at Jacinto.*
*Nagtatag ng mga sangay, naglimbag KALAYAAN diaryo*
*Mga paraan nagparami ng bilang katipunero.*

*Bukod tangi siyang hinirang na maghatid ng balita*
*Kay Jose Rizal sa malayong Dapitan nakipagkita*
*Napipintong himagsikan palihim niyang kinunsulta*
*Panganib ng misyon hindi alintana at pikit-mata.*

*Bilang manggagamot nagsilbi sa sugatan at maysakit*
*Sa mga dukhang pasyente hindi umasa ng kapalit*
*Kaya sa kanilang puso pasasalamat napaukit*
*Pangalan ng Ginoong Doktor na nagbigay malasakit.*

*Nang mahirang na gobernador ng lalawigan Bulakan*
*Lalong higit ipinamalas ang kanyang kadakilaan*
*Tinahak ang matuwid na landas at tamang patakaran*
*Layunin ay maayos at malinis na pamahalaan.*

*Sino nga ba siya? Siya ba ay walang kahalintulad?*
*Mabuting ama, punong-bayan at masunuring alagad*
*Kaya 'pinagmamalaki ng ating Lungsod na maunlad*
*Ngalan DR. PIO VALENZUELA inspirasyon nating sagad.*

Si Constancio Chico ay kasapi ng Board of Directors ng Museo Valenzuela Foundation.

## Liham sa Kinauukulan

Inaanyayahan ng ating pahayagang *Valenzuela Ngayon* na ipahatid ang inyong mga obserbasyon, paglilinaw o mungkahi sa ating mga kinauukulan para sa ikabubuti ng ating lungsod.

Ipadala ang kanilang saloobin sa pamamagitan ng email: **publishing@valenzuela.gov.ph** o kaya i-post sa **Valenzuela City Official Facebook Fanpage**. May karapatan ang publikasyon na-i-edit ang mga liham ayon sa haba, linaw at gamit ng lengwahe.

### Ang kaso sa loob

Mayor Win, pa-check po ang kalusugan ng mga preso natin sa Valenzuela. Kamakailan lang may namatay dahil lang sa pigsa. Baka naman sobrang crowded na sila at kailangan lang na ayusin ang ating mga kulungan. Tao rin naman po sila at hindi lahat ng nasa kulungan ay may sala. Malimit napagbintangan lang at nadamay lang. *-Marilou Fernando, via Facebook*

*ED* – Narito ang panig ni City Jail Warden C/INSP JMP Gerald Bantag.

Please be informed that inmates of this facility are being checked by both our medical personnel and the city health office on a regular basis. Likewise, those who have ailments are religiously given medicines provided by our Bureau and the City Government, as well. As far as death of inmates is concerned, these are isolated cases for most of them have diseases such as cancer, diabetes, hypertension, heart and respiratory ailments before they were committed for detention. The last reported death of a detainee was on July 2010 wherein an inmate died because of a liver cancer and not because of boils. He was also diagnosed to have suffered from mild stroke before he was transferred to our custody. However skin diseases to mention scabies, boils and respiratory ailments are the common inspection being experienced by detainees primarily caused by congestion or overcrowding.

Our jail building has a maximum capacity of 150 inmates and at present we have an average jail population of 520 or a congestion rate of more than 300 percent. Moreover, in so far as the cases of the detainees, we are continuously working hand in hand with Metropolitan Trial Court (MTC) and Regional Trial Court (RTC) for the speedy disposition of their cases.

In the spirit of good governance and in the best interest of the government service, rest assured that we will always utilize all our efforts within our capacity in serving our less fortunate brethrens behind bars.

### Dagdag bantay kontra droga

Please, paki-surveillance yung BAI compound, Maressas sa Marulas. Lantaran ang pag-gamit ng marijuana at drugs duon. Especially sa dating barangay duon. Umaasa po ako na mahuli ang mga adik sa lugar dahil perwisyo sila sa amin. Salamat po. *-Reign Castro, via Facebook*

*ED* –Ipagbibigay-alam na ng Public Information Office (PIO) sa Valenzuela Anti-Drug Abuse Council (VADAC) at VC Police Station ang impormasyong ito upang magkaroon ng pagsisiyasat sa naturang lugar.

-Tinipon ni Jehan Torda

VALENZUELA Ngayon


City Government of Valenzuela *Publisher*
Hon. Sherwin T. Gatchalian *City Mayor*
Ahna F. Mejia *Public Information Office Department Head*

***

Mark Lester S.Cayabyab *Editor-in-Chief*
Zyan F. Caiña *Contributing Writers*
Ann Melanie E. Dolorito
Jonathan A. Licuan *Contributing Photographer*
Allan C. Tampadong *Chief Artist*
Jehan DS. Torda *Online Media Coordinator*
Clairidy C. Pinto *Circulation*

publishing@valenzuela.gov.ph
Telephone: 352-1000 local 1822
Telefax: 292-9168
Download ***Valenzuela Ngayon*** in PDF at www.valenzuela.gov.ph/valenzuelangayon

Inilalathala ang *Valenzuela Ngayon* ng Publications Unit ng Public Information Office tuwing ikalawang buwan at may tanggapan sa Public Information Office, Valenzuela City Hall, Mac Arthur Highway, Brgy. Karuhatan, Valenzuela City. May karapatang sipi ang City Government of Valenzuela.




## Ang dalawang taong dagdag sa edukasyon



**Boses Ninyo sa Kongreso**

**Rep. Rex Gatchalian**
**Unang Distrito, Valenzuela City**

Naniniwala akong ang layunin lamang ng kasalukuyang pamunuan ng Kagawaran ng Edukasyon, sa ilalim ni Kalihim Bro. Armin Luistro na dagdag ng tigisang taon ang pag-aaral sa elementarya at sekondarya ay para mas lalong mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa ating bansa.

Higit dito ang masiguro na ang bawat mag-aaral sa dalawang antas na ito sa panahong sila ay nagsipagtapos ay taglay ang sapat at kinakailangang kaalaman na kanilang gagamitin sa susunod na landas na kanilang tatahakin.

Subalit kasabay nang pagkakahayag sa planong ito ng Department of Education (DepEd) ay ang magkakaibang pananaw, higit sa lahat ay ang pagkontra o hindi pagsang-ayon ng ilang sektor kabilang sa mismong hanay ng mga estudyante sa sinasabing gawing 12-taon ang basic education.

Sa simpleng paliwanag ng mga pabor na dagdagan ang taon sa pagpasok ng mga mag-aaral sa elementarya at high school, anila ang mas mahabang panahon sa eskwelahan ay nangangahulugan ng mas maraming leksyon o aral na matututunan ang mga estudyante.

Bukod pa diyan, ang pagnanais ng DepEd na baguhin ang curriculum na siyang ipinatutupad sa dalawang antas na ito kaya dapat na nga raw gawing 12 taon ang basic education.

Ang kasalukuyang sitwasyon sa mga paaaralan ang isa sa panguanhing dahilan kung bakit mas pinapanigan ko ang pananaw ng mga tutol sa nasabing plano ng naturang kagawaran.

Base sa pinakahuling statistics sa sektor ng edukasyon, nararanasan ang malaking problema sa kakapusan ng silid-aralan, guro, libro at iba't-ibang pasilidad lalo na sa mga pampublikong paaralan sa ating bansa.

Para maabot ang mainam na ratio na isang guro sa bawat 35 na mag-aaral, kinakailangang kumuha ang pamahalaan ng karagdagang 49,699 public school teachers habang ang pagpapagawa naman ng 57,930 classrooms dapat gawin upang maiwasan na ang overcrowding ng mga estudyante sa isang silid-aralan.

Nakalulungkot na masaksihan na sa ilang paaralan ay mayroong mula 60 hanggang 80 estudyante ang nagsisiksikan sa loob ng isang classroom, na siyang tinuturuan ng nag-iisang guro.

May pagkakataon pang pinaiigsi ang bilang ng oras ng klase sa ilang paaralan o nagpapatupad sila ng 'shifting' dahil kulang ang kanilang silid-aralan kumpara estudyanteng naka-enroll o pumapasok doon.

Taon-taon ay tumaas ang bilang ng mga nag i-enroll sa public schools kapwa sa elementarya at sekondarya dahil may ibang magulang ang hindi na makayanang tustusan ang pag-aaral ng kanilang mga anak sa pribadong paaralan.

Bukod sa kakapusan sa mga guro at silid-aralan, problema rin ang kakulangan ng libro kaya may pangyayari na sa halip mabigyan ang bawat mag-aaral ng kumpletong bilang ng mga aklat para sa kanyang pag-aaral, mayroong tatlo hanggang limang estudyante ang kailangang mag-share sa iisang libro.

Ang isa pang nakababahalang ulat ay ang bilang ng mga estudyanteng hindi natatapos o tumitigil sa kanilang pag-aaral o iyong mga drop-out kahit pa mismong sa public schools kung saan libre ang pagpasok.

Bunsod nito, naniniwala tayong sa halip na isulong agad ang dagdag na taon sa elementarya at high school ay pagtuunan muna ng pansin at masolusyunan sa lalong

*Dalawang taon sundan sa p. 7*

## Paghahandang panlehistatura



**Ang Konseho**

**Hon. Eric M. Martinez**
**Vice Mayor**

Ginanap mula ika 16 hanggang 18 ng Agosto, ang Orientation Seminar on Local Legislation and Disciplinary Action sa Taal Vista Hotel sa Tagaytay City.

Si Atty. Edward Justine Orden ang nagsilbing guest speaker. Siya ang tumatayong Chief ng Legal Division ng Tangapan ng Department of Interior and Local Government ng NCR.

Ang pagsasanay na ito ay may layunin na magkaroon ng kaalaman ang ating mga lokal na mambabatas at kanilang mga kawani hinggil sa pagpapatibay ng mahahalagang kautusan at kapasiyahan ng ating Sanggunian, lalonglalo na ang isinasaad sa Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na mas lalong kilala bilang RA 7160, particular ang pagbanggit sa Seksyon 60, Mga Aksyong Pandisiplina.

Ang nabanggit na pagsasanay ay may pananaw na makapagbibigay ito ng malaking tulong upang gawing sandata ng ating mga lokal na mambabatas para sa pagpapatibay ng mga de kalidad na kautusan at kapasiyahan tungo sa pagpapanatili ng kapayapaan at pamamalagi ng kaginhawaan at kagalingan ng mamamayan ng Valenzuela.

VALENZUELA Ngayon



# Ang kabataan sa pamahalaan

**Taumbayan** *Ang pitak na ito ay bukas para sa inyong kontribusyon. Ang opinyon na napapaloob dito ay mula lamang sa may-akda at hindi mula sa patnugutan.*

**Frederick S. Nieto**

Ang Republic Act 7160 o kilala din sa tawag na Local Government Code of 1991 ay ang batas na lumikha sa Sangguniaang Kabataan (SK) na naglalayong tumulong sa paglinang at pagsanay sa mga kabataan na maging lider ng susunod na henerasyon.

Ang Pilipinas ay ang tanging bansa sa mundo na nagbigay kapangyarihan sa mga kabataan na makisangkot sa mga gawain sa pamahalaan, kung saan sila ay kumatawan sa kanilang sector tungo sa aktibong pakikilahok sa usaping pambayan.

Ngunit sa kabila ng pagiging aktibo nating mga kabataan sa mga gawain sa lipunan ay tila yata nakalilimutan na nating pagtuunan ng pagpapahalaga ang edukasyon na dapat gawing prayoridad ng mga kabataan sa ganitong edad.

Ganito din ang paniniwala ng isa sa mga kumokontra sa SK na si Ben Oplas, convenor ng Minimal Government, isang grupo na nagsabi na "The SK or 'Youth Council' at the barangay level, is creating baby dinosaurs out of otherwise simple and non-politicize youth and should therefore be abolished."

Totoo, dapat tayong makisangkot sa mga gawaing panlipunan subalit kung ito ang magiging dahilan para maapektuhan ang ating pag-aaral mas mabuti pa siguro kung mananatili na lamang tayo sa loob ng klasrum—makinig sa lektyur ng guro at makilahok sa mga gawain sa loob ng paaralan.

Iba naman ang paniniwala ng mga pabor sa SK at kontra abolisyon nito tulad na lamang ni Kabataan Party-list Representative Raymond Palatino na nagsabing "SKs are even better than school Student Councils because SKs include out-of-school youth."

Tila malaking sampal ang pahayag na ito para sa ating mga kabataan na nag-aaral ng mabuti na pamunuuan ng isang tao na hindi man lamang nakatungtong sa paaralan at hindi nakaranas ng pormal na edukasyon. Paano tayo pamumunuan, tutulungan at ipagtatanggol kung wala siyang sapat na kaalamanan? Paano siya magiging epektibo kung wala siyang pundasyon?

Nalalapit na naman ang muling pagpili sa mga kabataang mamumuno sa ating lokal na pamahalaan. Bilang isang kabataan, huwag nating ituring na tagapagligtas ang isang kandidato dahil matapos ang halalan tayo pa rin ang sasagot sa ating buhay at tayo rin ang gagawa ng paraan upang malampasan ang mga suliraning tulad nito.

Sa darating na halalan marapat pag-isipang mabuti bago ibigay natin sa kanila ang ating boto. Tiyakin natin na mapapasama ito sa bilangan. Huwag nating hayaan na umusbong ang ano mang porma ng dayaan at kaguluhan sa halalan. Dahil sa kapangyarihang gagamitin natin, kaya nating magluklok ng mga epektibong lider sa bawat sektor ng pamahalaan.

Lahat ng Valenzuelano ay may tungkulin sa bayan at sisimulan natin ito sa ating sarili.

Si Frederick Nieto ay nasa ikalawang taon ng kursong Secondary Education sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela at tumatayong Student Regent ng institusyon.

# Kasal o sakal?

**Usapang Legal**

**Executive Judge Maria Nena Santos**

Ang "marriage practices" ay iba-iba sa bawat kultura. Sa Pilipinas kinikilala natin ang pag-iisang dibdib ng isang lalaki at babae sa harap ng huwes (civil marriages), pari, ministro at iba pang pinagkaloobban ng kapangyarihan magkasal.


May mga panuntunan tayo para sa mga ikakasal. Ang kasal ay sa pagitan lamang ng isang babae at lalaki na nasa hustong gulang at mayrong "marriage license" na makukuha sa munisipyo kung saan naninirahan ang isa sa mga ikakasal.

Ating nakagisnan na ang kasal ay tinuturing isang kasunduan (kontrata) ng puso, diwa at isipan na pinagdiriwang bilang simbulo ng pagpapahayag sa lipunan o komunidad ng pag-iisang dibdib ng isang babae at lalaking nagmamahalan.

Tunay na hindi biro ang kontrata ng Matrimonya dahil wala itong expiry date gaya ng isang ordinaryong kontrata. Kaya nararapat na pumasok sa pag-aasawa sa tamang kadahilanan: kayo ay nagmamahalan at tanggap ang kahinaan at kapansanan ng isa't-isa, handing bumuo ng pamilya at harapin ang mga unos ng buhay.

Kung magpapakasal dahil maganda si girlfriend o gwapo si boyfriend, mayaman at maimpluwensya ang pamilya ng mapapangasawa, o di kaya'y buntis na si girlfriend, ito ay mga senyales na hindi maganda ang panimula ng pagsasama. Bukod duon, mababaw itong pundasyon ng pag-aasawa, kaya marahil, sa kaunting pagsubok sa tatag ng pagsasama imbes na sikapin na gumawa ng solusyon na malagpasan ang mga unos ng buhay may-asawa, agad nakararamdam ng sakal ng tanikala ng matrimonya.

Pero kung tutuusin, ang Poong Maykapal lang ang nakakaalam kung ano ang natatakda sa isang pagsasama. Marahil, bukod sa emosyunal at pinansyal na kahandaan, importante din sa mag-asawa ang "Spiritual Strength." Iyan ang palagay ko ang "secret ingredient" ng isang matagumpay na pagsasama.



Si Judge Maria Nena Santos ay ang Executive Judge ng Valenzuela Regional Trial Court, Branch 171

# Iwas dengue sa 4 na paraang simple

Kayang-kayang labanan ng lahat ang dengue sa pamamagitan ng 4S Strategy na inilabas ng Department of Health.

## 1.) *Search and Destroy*

Mahalagang panatilihing malinis ang kapaligiran. Hanapin at tanggalin ang mga imbak na tubig na maaaring pangitlugan ng mga lamok.

## 2.) *Self Protection*

Laging gawin ang mga hakbangin sa pag-iwas sapagkat hindi natin alam kung kalian aatake ang mga lamok.. Gumamit ng kulambo at mga pamuksa sa lamok. Kung posible, magsuot ng mga damit na maaaring maitago ang mga bahagi ng katawang maaaring makagat ng lamok.

## 3.) *Seek Early Consultation*

Ang sintomas ng dengue ay mapapansin dalawang araw matapos ang impeksyon. Maaaring magkaroon ng mataas na lagnat, matinding pananakit ng ulo, pagkahilo at pagsusuka, mahapding mga mata at pagsakit ng mga kasukasuan.Karaniwan, tatlo o apat na araw matapos lagnatin ay mapapansin ang maliliit at mapupulang rashes sa mga binti at bandang dibdib ng taong apektado nito. Ang mga taong mayroong lagnat na umabot ng dalawang araw na may kasamang sintomas ng sipon at ubo ay kinakailangang agad na magpakunsulta.

## 4.) *Say NO to Indiscriminate Fogging*

Ang paggamit ng kemikal sa pamamagitan ng pagpapausok o "fogging" ay nakalaan lamang sa mga lugar na higit na nangangailangan nito tulad ng dikit-dikit na kaso ng dengue sa iisang lugar, kapag higit na pinsala na ang dulot nito o higit ang nakaambang panganib o kapag ang isang lugar ay maituturing na "hot spot".

**Pag-usapan Natin**

# Ugat ng matibay na pamilya

Sumasainyo ang pitak na ito para bigyan ng puwang at marinig ang saloobin ng madlang Valenzuelano. Ating pulsuhan ang damdaming bayan.

Sa muling paghahain ng Divorce Bill sa House of Representatives upang gawing legal ang pagpapasawalang-bisa ng kasal sa bansa, nahaharap ang pamilyang Pilipino sa isyung maaaring bumago sa kahalagahan at pagiging sagrado ng ugnayang bumibigkis sa isang mag-asawa.

Subalit, kung ang ilang bagay-bagay ay kaya namang maiwasan, maaaring hindi na kailangang humantong pa sa hiwalayan ang mag-asawa at mapangalagaan ang pundasyon ng isang pamilya.

Sa puntong ito, *paano mo mapapanatiling matatag ang samahan ng inyong pamilya?*

"Gawing pundasyon ang pananampalataya para sa matatag na samahan at gawing sentro ng pamilya si Jesus. Makatutulong din ang paglalalaan ng oras para sa sama-samang panalangin." ***-Sally S. Clutario, 21, Brgy. Gen. T. de Leon***

"Iwasang sumabay sa init ng ulo ng iyong kapareha, hintaying humupa ang galit bago pagdiskusyunan ang di pagkakaunawaan. Huwag ding kalimutan maglaan ng oras para sa pamilya o family day halimbawa tuwing araw ng Linggo."***-Riza D. Colico, 34, Brgy. Lingunan***

"Sikaping huwag maputol ang maayos na komunikasyon. Sikaping magkaroon ng sapat na kita para sa pamilya upang di pagmulan ng problema o kagipitan na maaaring pag-awayan ng mag-asawa. Higit sa lahat mahalin mo ng tapat ang iyong asawa at maglaan ng oras sa pamilya." ***-Mark C. Dolorito, 28, Brgy. Karuhatan***

"Kailangang hindi mawala ang family bonding at magsimba ng sama-sama." ***-Raquel Ramos, 26, Brgy. Bignay***

"Dapat ay magkaroon ng tiwala sa isa't isa." ***-Shiela Mendoza, 30, Brgy. Mapulang Lupa***

"Kailangang tanggapin kung may pagkukulang o kapintasan ang isa." ***-Janice Emberga, 26, Brgy. Coloong***

"Dapat ay may mayos na komunikasyon sa isa't isa at maganda kung sabay-sabay sa hapag-kainan upang magkaroon ng oras pag-usapan ang ilang bagay-bagay."***-Ester Francisco, 36, Brgy. Malanday***

"Kung may pagkukulang ang iyong asawa lalo na sa inyong mga anak, pilitin mong punan ito bilang magulang nila. Higit sa lahat huwag mong kalilimutan ang responsibilidad mo sa inyong pamilya na kadalasang pinagmumulan ng alitan ng mag-asawa." ***-Amelia A. Estrella, 49, Brgy. Dalandanan***

"Sikaping huwag mawala o tumabang ang pagmamahalan ng mag-asawa." ***-Fortunato Lumacang, 41, Brgy. Gen. T. de Leon***

-Tinipon ni Ann Melanie Dolorito



*Dalawang taon, mula pahina 6*

madaling panahon ang problema sa kakapusan sa silid-aralan, guro, libro at iba pang pasilidad sa mga paaaralan gayundin masigurong kung hindi man mapigilan ay mabawasan ang bilang ng studdent drop outs.

Kapag nangyari ito, tiyak din tataas ang kalidad ng edukasyon dahil higit na matutuon ang atensyon ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral at magiging madali na ang pagtutok ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral dahil wala nang siksikan sa klase, may sapat ng mga libro at pasilidad sa paaaralan.

VALENZUELA Ngayon












# Rock musical sa obra ni Rizal

*Binigyang buhay ng Valenzuela City Center for the Performing Arts (VCCPA) ang zarzuelang "Junto Al Pasig (Sa Tabi ng Pasig)" bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-141 anibersaryo ng kapanganakan ni Dr. Pio Valenzuela.*

*Ang natatanging palabas ay hango sa isa sa mga unang akda ng Pambansang Bayani na si Dr. Jose Rizal. Sinulat nya ang zarzuela nung 1880 habang nasa kolehiyo pa ito. Matutunghayan sa produksyon ang talento ng kabataang Valenzuelano kasama ang ilang beterano sa sining ng entablado.*

*Ang "Junto Al Pasig ay kwento ng isang binata na si Leonido na habang nag-aabang sa pagdating ng prusisyon ng Birhen ng Antipolo ay nakaengkwentro ang Dyablo na nag-anyong Diwata," paliwanag ng director na si Andrei Tiangco. "Naging pagkakataon iyon para sa kanya na tanungin at usigin ang sariling mga paniniwala."*

*Nilapatan ng kontemporaryong rock music ang libretong sinulat ni Jose Jeffrey Camañag upang bumagay sa panlasa ng manonood. Dagdag pa rito, "Binuo kasi ang palabas para sa kabataan upang matulungan sila ng sining na maging mulat at may pananagutan sa lipunan," ani Roeder Camañag, artistic director ng VCCPA.*

*Si Arnie Umayang, dating miyembro ng Filipinescas Dance Company, ang bumuo ng choreography ng produksyon na mas binigyang kulay ni Nasser Lubay sa pamamagitan ng live media arts na naka-project bilang backdrop.*

*Ika-apat na produksyon na ng VCCPA ang "Junto Al Pasig" mula ng itatag ito ng pamahalaang lungsod ng Valenzuela noong 2006. Nakatakda namang itanghal ang produksyon sa Tanghalang Aurelio Tolentino sa Cultural Center of the Philippines sa Nobyembre 6 para mas maibahagi pa ng VCCPA ang palabas sa mas maraming tao.*

*Ang pagtatanghal ay magpapatuloy sa kabuuan ng school year 2010-2011 at bukas para sa mga bookings at show buyers. Makipag-ugnayan lamang sa numerong 277-6100 o 277-6495 o di kaya'y mag email sa valenzuelavccpa@yahoo.com para sa karagdagang detalye.*

-Ulat at mga larawan ni Mark Lester Cayabyab

